

Antas ng Kaalaman at Pakikisangkot ng mga Magulang sa Pagbabasa ng mga Anak: Batayar sa Pagbuo ng Gabay sa Pantahanang Pagbasa

Asia Pacific Journal of
Management and
Sustainable Development
Vol. 10, No. 3, pp. 41-54
September 2022
Lumina Special Issue
ISSN 2782-8557 (Print)

Mark Louie P. Duldulao (MAED)¹, Maria Eliza S. Lopez (PhD)²

Batac National High School, City of Batac, Ilocos Norte, Philippines 1
Mariano Marcos State University, Laoag City, Philippines 2

marklouie.duldulao@deped.gov.ph¹, lmeliza62@gmail.com²

Date Received: November 14, 2021 ; Date Revised: January 22, 2022

Abstract – This study looked into the level of parental involvement and knowledge of parents on the home reading of their children based on the three dimensions: modelling, cognitive and behavioral. The descriptive design of research and development method was used: planning, developing, and validation were carried out. From a total of 604 Grade 7 students enrolled from the five public secondary schools from the City of Batac, Ilocos Norte SY 2019-2020, 84 of them with difficulty in reading were purposively sampled. The survey questionnaire by Kimathi (2014) Parental Involvement in Primary Standard Three Pupils' Reading at Home was used to identify the level of knowledge and involvement of parents in their children's home reading. Based on the results of the survey, a home reading guide for parents that contains information and tips on how to assist their children in reading was developed and validated. Experts found the guide to be valid. Moreover, the reading guide serves as a resource for parents as they help their children improve the latter's reading ability.

Keyword: behavioral dimension, cognitive dimension, modelling dimension, home reading, parental involvement

Abstrak – Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang antas ng kaalaman at pakikisangkot ng mga magulang sa pantahanang pagbasa ng mga anak batay sa mga dimensiyong pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian. Ginamit ang metodolohiyang Research and Development na palarawang pananaliksik (descriptive design) na may tatlong bahagi: pagpapalano, pagbuo at pagbalideyt sa pagkuha ng datos. Purposive sampling ang ginamit sa pagkuha ng mga kalahok sa pag-aaral. Mula sa kabuoang 604 na nakaenrol sa ikapitong baitang mula sa limang pampublikong paaralan sa Lungsod Batac, Ilocos Norte taong panuruan 2019-2020, 84 sa kanila ang nahihirapang bumasa. Gumamit ng tseklist (survey questionnaire) na hinango kay Kimathi (2014) Parental Involvement in Primary Standard Three Pupils' Reading at Home sa pagtukoy sa antas ng kaalaman at pakikisangkot ng mga magulang sa pantahanang pagbasa ng mga anak. Batay sa resulta ng pag-aaral, bumuo ng isang gabay para sa pantahanang pagbasa na nakapaloob ang mga mahalagang gawain at tips para sa mga magulang upang magabayan ang mga anak sa pagbasa. Pinabalideyt ito sa mga eksperto upang matukoy ang baliditi ng binuong gabay. Ang binuong gabay ay nakatutulong sa mga magulang para matulungan ang mga anak na magbasa at magsisilbi itong kagamitang panturo ng mga magulang para makaagapay ang mga anak sa kasanayang pagbasa.

Mga susing salita: dimensiyong kognitibo, dimensiyong pagmomodelo, dimensiyong pangkagawian, pantahanang pagbasa, parental involvement

PANIMULA

Ang pakikisangkot ng magulang (*parental involvement*) ay binigyang-kahulugan bilang pagkukusa ng mga magulang sa paaralan at pagkakaroon ng *input* sa tahanan. Ang pakikisangkot ng magulang ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto dahil ang mga magulang ang nagsisilbing *stakeholder* o tagasuporta para sa akademikong pag-unlad ng mga bata.

Ang isyu kung paano o bakit nagiging kaisa ang mga magulang ay dahil malaki ang kanilang

gampanin sa ikapagtatagumpay ng mga gawain ng bata.

Sina Dauber at Epstein [1] ay nakapagtala ng limang uri ng pakikisangkot ng magulang kabilang ang mga pangunahing obligasyon ng pamilya, mga pangunahing obligasyon ng paaralan, kusing pakikilahok sa mga paaralan, pakikilahok sa mga gawaing pampagkatuto sa tahanan at pakikilahok sa paggawa ng desisyon. Sa kaparehong pag-aaral din ay nakapagtala ng pang-anim na uri ng *involvement* na kasalukuyang pinag-aaralan at sinasaliksik sa pamamagitan ng kolaborasyon sa komunidad at mga organisasyon.

Ang pakikisangkot ng magulang pagdating sa pagbuo ng mga desisyon ay kabilang ang pakikiisa ng mga magulang sa mga gampanin bilang miyembro ng PTA's, pamahalaang pampaaralan at kapulungan ng mga tagapayo. Naghayag si Domina [2] na ang pakikilahok sa paaralan ay nangangahulugang ang mga magulang ay aktuwal na katuwang ng mga paaralan, kabilang sa mga gampanin nila ay palagiang pagdalo sa mga pagpupulong ng PTA, pagpupulong sa mga guro at pagkukusa sa paaralan.

May mga pananaliksik din na nagpapakita na ang kawalan ng pakikisangkot ng magulang ay nagkakaroon ng negatibong epekto sa akademikong pag-unlad ng mga bata [3]. Pinatotohanan ito nina Flouri at Buchanan [4] na kapag ang magulang ay may mataas na pakikisangkot sa pagbabasa ng anak sa tahanan, ang kasanayan ng mga bata ay nagiging makabuluhan ang pag-unlad, at kung wala ang mga magulang, nakararanas ang mga bata ng kahirapan sa pagbasa.

Ang pakikisangkot ng magulang sa pagbabasa ng mga bata ay nagdudulot ng kanilang pagtatagumpay sa pag-aaral. Iba't ibang pag-aaral sa buong mundo ang nagpapakita na ang pakikisangkot ng magulang sa pag-unlad ng kakayahang panliterasi ng mga bata ay nakaiimpluwensiya sa akademikong pag-unlad ng bata. Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang pakikisangkot ng magulang ay mas epektibo kumpara sa mga iba't ibang aspekto ng pamilya kagaya ng kita ng pamilya at antas ng edukasyon sa pagpapaunlad ng akademikong pag-unlad ng bata.

Ang mas mataas na pakikisangkot ng magulang sa pagbabasa ng mga bata sa tahanan ay may epekto sa kahandaan ng bata sa mga gawaing pang-akademiko. Ang pag-aaral na isinagawa sa USA nina Cornille at mga kasama [5] ay natuklasang ang mga batang palaging nagbabasa kasama ang mga magulang sa tahanan ay mas mataas ang akademikong pag-unlad kumpara sa mga hindi. Kanilang iginiit ang mga sumusunod: 1) Ang mga magulang ay may pagkakataong hikayatin ang mga anak na palaging magbasa sa tahanan kumpara sa paaralan kung saan ang mga bata ay mas madalas na nakapokus sa iba't ibang gawaing pampaaralan kabilang na ang pag-aaral sa iba pang asignatura. Ito ay nagpapakita na ang mga batang palaging nagbabasa sa tahanan ay nahahasa ang kasanayan kumpara sa mga hindi. Ang palagiang pagbabasa ay nagdudulot ng maayos na *fluency*, at mababawasan ang pagiging makakalimutin; at 2) hindi kagaya sa paaralan, mayroon lamang limitadong

pagkakataon para sa mga bata upang makatanggap ng mga puna tungkol sa wastong pagbabasa nila, ang *one-to-one situation* kasama ang magulang sa tahanan ay kaagad naiwawasto ang kamalian ng anak.

Gayundin sa pag-aaral sa Nigeria nina Maduekwe at Adeosun [6] kung saan kabilang ang dalawandaang (200) magulang ng mga mag-aaral na nasa antas sekundarya, ay natuklasan na kung ang mga magulang ay may pakikisangkot sa pagbabasa ng mga anak sa tahanan, ang mga bata ay nagkakaroon ng mas mataas na grado, mas mataas na iskor sa pagsusulit, mas magandang pagdalo sa klase (*class attendance*), at mas nagaganyak mag-aral. Gayundin ang pag-aaral na ginawa nina Esptein at Sheldon [7] na natuklasan na kung ang mga magulang ay may pakikisangkot sa edukasyon ng mga anak, ang mga bata ay mas maganda ang akademikong pag-unlad, at nag-i-improve din ang *class attendance* at maging ang kanilang pag-uugali. Gayunpaman, kahit ipinakita sa mga pag-aaral na ito ang magandang epekto ng pakikisangkot ng magulang, hindi nila sinuri kung anong dimensiyon ng pagbasa na kasangkot ang magulang. Hindi rin nila sinuri ang mga salik na makaiimpluwensiya sa pakikisangkot ng magulang sa pagbabasa ng kanilang mga anak.

Ang hindi sapat na pakikisangkot ng magulang sa pagbabasa ng mga bata sa tahanan ay may negatibong epekto sa kakayahang bumasa sa paaralan sa elementarya o sa sekundarya man ito.

Bunga nito, isa sa napakahalagang dapat malinang na kasanayang pangwika ay ang pagbasa. Ito ang nagiging instrumento sa pagtuklas ng mas malawak na kaalaman at karunungan na nagiging puhunan ng tao sa pakikipagtalastasan sa mundong ginagalawan. Ang pagbasa ay may mahalagang kaugnayan sa iba pang makrokasanayang pangwika gaya ng pagsulat, pagsasalita, at pakikinig dahil nagdudulot ito ng kakayahang makabuo ng kaisipan at maayos na pakikipag-ugnayan sa lahat ng larang o disiplina, ngunit ito'y maisasakatuparan lamang kung nauunawaan ng isang tao ang kaniyang binabasa. Sabi nga ni Centeno:

One of the most crucial skills of today's world that have to be developed in the individual's initial stage of formal education is reading. Children will learn little in today's world if they do not first learn to read properly. Non or poor readers become the delinquent, the unemployed of the mastiff in a society [8].

Ang pagbasa ay may napakahalagang ginagampanan sa edukasyonal na pag-unlad ng bata. Ito ay pundasyon ng *independent learning*; ang mga

bata ay mas mahusay at mas nahuhumaling bumasa kung ang kasanayan nito ay nalinang pa. Palagi silang nahihikayat na bumasa at ibahagi ang anumang nabasa nila. Ang pagbasa ang susi sa mundo ng pang-unawa. Ito ay mahalagang instrumento sa lahat ng asignaturang itinuturo sa paaralan.

Ang pagkatuto sa pagbasa ay ang unang gawaing ginagawa ng mga bata sa limang taong pag-aaral. Ang pag-unlad ng kakayahang panliterasi ng mga bata, sa elementarya at sekundarya ay kapuwa gawain at responsibilidad ng mga magulang at guro. Ang pag-aaral na isinagawa ni Moats [9] ay nagpapakita na ang kakayahang bumasa ay may malaking epekto ng pag-unlad ng kanilang mga kasanayan sa ibang larangan sa kurikulum. Ang pag-aaral ay nagpahiwatig din na ang kakayahang bumasa ay hindi lamang nakaiimpluwensya sa edukasyon ng tao kundi maging sa kaniyang mga gampanin sa lipunan. Gayunpaman, ang mga pag-aaral ng iba't ibang mananaliksik ay nagpapakita na ang ilang bata ay nakararanas ng problema sa pagpapaunlad ng kasanayan nila sa pagbasa [10].

Sa bansang Pilipinas, ang sistema ng edukasyon ay nakararanas din ng dilema pagdating sa iba't ibang kasanayan, lalong-lalo na ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Noong 2017, ang pag-aaral na isinagawa ng *Synergia Foundation* ay lumabas na limampung bahagdan (50%) na mga mag-aaral sa sekundarya ang nahihirapan pa ring bumasa, kahit sa wikang Filipino; dalawampu't tatlong (23%) bahagdan naman ang hindi marunong umunawa sa kanilang binabasa; at pitong bahagdan (7%) naman ang hindi talaga marunong bumasa [11].

Sa pag-aaral ni Finney [12], binanggit niya na apatnapung (40%) bahagdan sa mga magulang ang hindi naglalaan ng sapat na oras sa edukasyon ng kanilang mga anak sapagkat hindi sapat ang kanilang kaalaman kung paano maturuan ang mga anak. Sa pag-aaral nina Alampay at mga kasama [13] nakita na animnapu't apat (64%) na bahagdan sa mga batang edad mula labing-isa (11) hanggang labintatlo (13) ay pinapabayaang na lang ng magulang na gumawa ng kanilang mga proyekto o mga gawain sa paaralan. Natuklasan din ni Smith [14] sa kaniyang pag-aaral sa USA ang hindi sapat na kaalaman ng magulang sa edukasyon ng mga anak. Iginiit niya na ito ay dulot ng kawalan ng oras at edukasyon ng ilang magulang.

Binigyang-diin ni Malipot [15], ang kahalagahan ng gampanin ng mga magulang at tagapag-alaga na dapat masiguradong nagagawa upang patuloy rin ang pagkatuto ng mga bata na

siyang binigyang-diin ng Kagawaran ng Edukasyon. Dagdag pa niya na ang suporta at pakikiisa mula sa mga magulang ay napakahalaga sa panahong nasa loob lamang ng tahanan ang mga anak habang natututo.

Ayon kay Bandura [16], ang antas ng kaalaman sa pagbabasa ng mga anak ay magsisilbing pangganyak sa magulang na makisangkot sa pagbabasa ng anak. Alinsunod dito, ang mga magulang ay saka lamang tumutulong sa mga anak kung may sapat silang kaalaman sa pagbabasa. Pinatunayan din nila na kung tumutulong man sila sa pagkatuto ng kanilang mga anak ay pinipili lamang nila ang mga gawaing nararapat upang lalong mapaunlad ang pagbabasa ng kanilang mga anak. Nangangahulugan lamang na dapat pag-aralan ang antas ng kaalaman ng mga magulang sa pagbabasa at ang epekto nito sa antas ng kanilang kaalaman.

Sa katunayan, ang mga magulang ay maaaring makapagbigay ng maraming oportunidad sa kanilang mga anak upang umpisahan ang pagbabasa ng iba't ibang babasahin para sa ikauunlad ng kanilang kaisipan at pagkatuto. Bukod dito, binanggit din ni Stuart at mga kasama, [17] na maaari ring magbigay ang magulang ng mga kagamitan na may kaugnayan sa pagbabasa sa tahanan na maaaring makapagpahusay sa kakayahan ng mga bata sa pagbasa. Kagaya rin ng sinabi ni Kaiser at mga kasama [18], na ang mga magulang ang magsisilbing unang guro ng mga bata, na makapagpapaunlad sa pagmamahal nila sa pagbabasa na magiging gabay nila upang makaagapay sa pag-aaral maging sa buhay-sosyal.

Kaya naman, ibinatay ang pag-aaral na ito sa teoryang *Grolnick's Theory of Parental Involvement*, Teoryang Sosyo-Kultural ni *Vygotsky's*, at *Bronfenbrenner's Ecological Systems Theory*.

Ayon kay Kimathi [19], ang teoryang Grolnick ay may tatlong dimensiyon ng pakikisangkot ng magulang na ipinapanukala kung saan may mga gawaing maaaring tumulong ang mga magulang upang mapaunlad ang kakayahang bumasa ng mga anak. Ang mga dimensiyong ito ay: (1) pagmomodelo na tumutukoy sa pakikisama ng magulang sa mga gawain tungkol sa pagbabasa habang nasa tahanan na kung ang magulang ay palaging nagbabasa sa harapan ng bata, sila ay gumaganap bilang magandang modelo, kung kaya't musmos pa lang sila ay gusto rin nilang maging kagaya ng kanilang mga magulang. Ang pananaliksik na isinagawa ni Holdaway [20], ay nagpapakihawig na sa pamamagitan ng palagiang

pagbabasa, ang magulang ay gumaganap bilang magandang modelo na nakahihikayat sa mga bata upang tularan ito. Kaugnay nito, ang panggagaya ng bata ay magreresulta ng kusang pagbabasa nito at kung ang magulang ay patuloy niya itong susubaybayan, ang kasanayan sa pagbasa ng mga bata ay mapauunlad at malilinan. Idinagdag pa niya na ang interes at sigla ng magulang sa kanilang pagbabasa ay gaganyak sa mga bata na bumasa ng iba't ibang babasahin na sila-sila lamang. Bilang resulta, ang pagbabasa na sila-sila lamang, sa gayong paraan ay malilinan ang kasanayang bumasa ng mga bata. Bilang karagdagan, ang pagmomodelo ay nakaiimpluwensiya kung makikita mismo ng mga bata ang modelo upang magawa ang kakayahan sa pagbabasa. Dito ay makikita ang kabuluhan ng mga magulang bilang makapangyarihang modelo sa kanilang mga anak [21]; (2) kognitibo, na tumutukoy sa pagbabasa ng mga magulang kasama ang anak upang malinan ang kasanayan nila sa pagbabasa. Ang mga bata na nasanay sa mga gawain sa pagbasa sa tahanan habang silay ay musmos pa lang ay mas maagang matutong bumasa. Ang pag-aaral na isinagawa sa kanluranin na siniyasat ang kaugnayan ng kapaligiran ng pagbasang pantahanan at ng kanilang kakayahang literasi ay lumalabas na ang mga bata na ang mga magulang ay bumabasa ng libro, pahayagan, at mga magasin kasama sila, nagkukuwento at nakikinig sa mga kuwento sa libro, ay mas nakalalamang kumpara sa ibang mga bata; at (3) pangkagawian, na tumutukoy sa panghihikayat ng mga magulang sa kanilang mga anak upang matuto at mabigyan sila ng pagkakataong magbasa ng iba't ibang uri ng babasahin. Ang palagiang pakikipag-ugnayan ng bata sa mga babasahin at pinahihintulatang makipag-interaksiyon sa mga materyal na ito ay nagdudulot ng pag-unlad ng kanilang kakayahang panliterasi. Ang mahusay sa mga gawaing panliterasi ay nakaiimpluwensiya sa pag-unlad ng kasanayang pagbasa ng mga bata. Natuklasan nina Maduekwe at Adeosun [22] na ang tahananang may maraming materyal na babasahin ay nakaiimpluwensiya sa kakayahan ng bata sa pagbasa. Napag-usapan nila na ang epektibong kapaligirang pampagkatuto kasama ang mataas na ekspektasyon ng magulang, mayamang kapaligirang pampagkatuto, akademikong suporta, gabay at pagpapasigla sa mga anak ay humahantong sa mas mataas na pag-unlad sa kasanayang pagbasa.

Ang antas ng pakikisangkot ng magulang na makikita sa mga dimensiyong ito ay hindi pa napag-

aaralan sa lokal na aspekto lalong-lalo na ang mga nasa antas sekundarya na kailangan sa pag-aaral.

Binigyang-diin ni Lev Vygotsky (kagaya ng binanggit ni Nagel [23], ang Teoryang Sosyo-kultural na kaugnayan ng pisikal at sosyal na kalagayan ng tao. Ang impluwensiya ng kultural at sosyal na salik sa pag-unlad ng pagkatuto ay mahalaga. Ang interaksiyon ng bata kasama ang pamilya ay napakahalaga sa pag-unlad nito, sapagkat buhat pa sa simula ay pamilya ang unang guro at ang unang pagkatuto ay sa pamilya natutuhan. Dahil dito, ang bata ay nakakukuha ng mga kaalaman tungkol sa mundo sa pamamagitan ng mga interaksiyong ito.

Pinangatuwiran pa ni Nagel [24] na ang teoryang sosyo-kultural ay sinasabing ang pagkatuto at paglinang ay hindi lang proseso ng pagtaas ng mental na kakayahan kundi magagawa rin sa pamamagitan ng sosyal at kultural na interaksiyon. Pinangatuwiran din ni Bates [25] na sa pamamagitan ng teoryang sosyo-kultural, nalilinan ang kaalaman dahil sa mga interaksiyon sa pamilya, kaibigan, guro at kamag-anak. Ang teorya ng *scaffolding* ni Wood [26] ay nagsasaad din na sa isang pakikipag-ugnay na uri ng pagtuturo, ang pagkilos ng guro ay *inversely* na nauugnay sa antas ng kakayahan ng mag-aaral; iyon ay mas mahirap ang gawain para sa mag-aaral, mas maraming mga aksiyon na kakailanganin niya mula sa guro.

Binigyang-diin ng Young People [27], ang *Bronfenbrenner's Ecological Systems Theory*, ang pag-unlad ng bata ay apektado hindi lamang ng mga salik tungkol sa bata kundi maging ang kanilang pamilya at ang kapaligirang ginagalawan mismo. Ang pamilya, paaralan, mga guro, serbisyong pangkalusugan ng bata, at kamag-anak ang ilan sa mga pangunahing nakaaapekto sa pag-unlad ng isang bata.

Ang magulang ang nagbibigay ng kakayahan sa mga anak upang magkaroon ng seguridad na pakikitungo sa iba at upang magkaroon ng maayos na pakikipag-ugnayan. Ang emosyonal na koneksiyon sa isang relasyon ay nagpapakita ng kakayahan ng bata upang makipag-ugnayan sa iba.

Sa mga pinagbatayang teorya ng pag-aaral na ito, tiningnan ang antas ng kaalaman ng mga magulang sa pagbabasa ng mga anak sa tahanan at antas ng pakikisangkot ng magulang sa pagbabasa ng mga anak sa dimensiyong pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian upang makalikha ng angkop na gabay ng mga magulang sa pagbabasa ng mga anak na lilinan sa kasanayan sa pagbasa ng mga bata.

Sa Pilipinas ay kakaunti pa lamang ang mga pag-aaral na naisagawa sa lawak ng pakikisangkot ng magulang sa pagbabasa ng mga anak lalo na sa antas sekundarya. Ang pananaliksik sa pakikisangkot ng magulang sa dimensiyong pagmomodelo, kognitibo, at pangkagawian sa antas sekundarya ay hindi rin nabibigyan ng atensiyon dito sa Pilipinas.

Ipinapakita rin sa mga ginawang pananaliksik ang impluwensiya ng antas ng kaalaman ng mga magulang sa pagbabasa tungkol sa kanilang pakikisangkot sa pagbabasa ng mga anak sa antas elementarya, ngunit hindi napagtutuunan ng pansin ang antas sekundarya na kung saan marami pa rin ang hindi gaanong marunong bumasa sa wikang Filipino. Bilang karagdagan, nakita rin ang panghihikayat ng mga guro sa mga magulang na nasa antas elementarya na makisangkot sa gawaing pagbabasa ng mga anak ngunit hindi ito masyadong naisasagawa sa antas sekundarya.

Sa mga nailahad na pag-aaral, may programa ang Kagawaran ng Edukasyon na *Philippine Informal Reading Inventory* o Phil-IRI na sinimulan noong taong-panuruan 2011-2012. Ito ay may layuning makuha ang antas ng kasanayang pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya at maging sa sekundarya. Ang mga resulta nito ay nagiging batayan sa pagbuo ng mga programang pang-edukasyon, mga gawaing pampagkatuto na magpapaunlad sa kasanayang pagbasa ng mga mag-aaral. Napakalaking tulong ang Phil-IRI para sa bahagi ng mga guro upang mahikayat nila ang kanilang sarili na lumikha ng mga estratehiya o pamamaraan upang magamit sa pagpapaunlad ng kasanayang pagbasa. Partikular sa tala ng Phil-IRI ng Sangay ng mga Paaralan sa Ilocos Norte, taong panuruan 2018-2019, ipinapakita na mula sa 3,630 na nakaenrol na lalake na nasa ikapitong baitang na sumailalim sa pagsusulit na Phil-IRI, 305 ang nahihirapang bumasa sa *pre-test* habang 88 ang nanatiling nahihirapang bumasa sa *post-test*.

Sa kabilang dako, mula sa 3,470 na nakaenrol na babae na nasa ikapitong baitang, na sumailalim rin sa nasabing pagsusulit, 205 ang nahihirapang bumasa sa *pre-test* habang 51 ang nanatiling nahihirapang bumasa sa *post-test*. Ito ay batay sa wikang Filipino at Ingles.

Dahil dito, ang resulta ng pananaliksik na ito ay kailangan upang punan ang mga kaalaman at kabatiran tungkol sa antas ng pakikisangkot ng magulang sa pagbabasa ng mga anak sa antas sekundarya lalo na sa ikapitong baitang, maging ang mga salik na nakaiimpluwensiya ukol dito.

Bilang pagtugon sa pananaw ng K to 12 Kurikulum, na makalikha ng mga mag-aaral na magpapakita ng mga kasanayan sa ika-21 siglo tulad ng impormasyong panliterasi, digital na literasi, pagiging malikhain, kritikal na pag-iisip at *problem-solving*, ang paaralan ay kailangan ding magbigay ng tulong hindi lamang sa mga magulang kundi higit sa lahat sa mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ang nagpapakita na hindi lamang antas ng kaalaman ng mga magulang sa pagbabasa ng mga anak sa tahanan pero maging sa antas ng pakikisangkot nila sa pagbabasa ng mga anak sa dimensiyong pagmomodelo, kognitibo, at pangkagawian.

Bunga ng mga natuklasan sa mga pag-aaral na ito, ang mga mag-aaral sa Sangay ng mga Paaralan ng Lungsod Batac ay nakararanas ng suliranin sa pagbabasa. Marami sa mga mag-aaral ang nasa ikapitong baitang ang nahihirapang bumasa, maging sa wikang Filipino. Hindi lamang ang kakulangan ng interes sa pagbasa kundi ang kawalan ng suporta at pakikisangkot ng mga magulang sa kanilang pagbasa. Ito ay natuklasan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga *reading coordinator* sa mga sekundaryang paaralan sa Lungsod Batac ng Phil-Iri na tinataya ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pamamaraang *oral at silent reading*. Ang bawat paaralang sekundarya ng Lungsod Batac ay may *reading program* ukol dito. Batay sa resulta nito ay nauri ang mga mag-aaral na ito na nahihirapang bumasa (*slow reader*). Sinimulan ang adhikaing ito sa unang markahan ng taong panuruan 2019-2020 na inihanay sa layunin ng Sangay ng mga Paaralan ng Lungsod Batac na maturuan at matulungan ang mga mag-aaral na nahihirapang bumasa sa elementarya at sekundarya. Ito ang isa sa mga kasalukuyang matinding problema na kinakaharap ng Kagawaran ng Edukasyon ngayon.

Sa batayan ng mga pag-aaral at teoryang ginamit, ang pag-aaral ay dumisenyo at lumikha ng isang gabay ng mga magulang sa pagbabasa ng mga anak na layuning linangin ang kasanayan ng mga bata sa pagbasa.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa antas ng kaalaman at pakikisangkot ng mga magulang sa pagbasa ng mga anak na nagiging batayan sa pagbuo ng isang gabay na tutulong sa mga magulang sa pantahananang pagbasa.

Ginamit sa pananaliksik na ito ang Input-Process-Output (IPO) na nagsilbing batayan sa pagbuo ng isang gabay. Sa *input*, ibinatay ang

pananaliksik sa K to 12 Kurikulum, teorya ng pagbasa at ang sarbey upang malaman ang antas ng kaalaman ng mga magulang sa pagbabasa ng mga anak, gayundin ang kanilang pakikisangkot sa pagbabasa ng mga anak sa pamamagitan ng pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian. Sa *process* naman, batay sa kinalabasan ng sarbey, bumuo ng isang gabay sa pantahanang pagbasa para sa mga magulang na makatutulong upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinaeabalweyt ang nabuong gabay sa mga eksperto gamit ang isang *tool instrument* na hinango kay Castillo [28] batay sa nilalaman, pagkakalahad, kakayahang magamit at pisikal na ilustrasyon. Nirebisa ang gabay batay sa mga mungkahi ng mga ebalweytor. Ang *output* ay ang Gabay ng mga Magulang sa mga Anak sa Pantahanang Pagbasa.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Pangunahing layunin ng pag-aral na ito na malaman ang antas ng kaalaman at pakikisangkot ng mga magulang sa pagbasa ng kanilang mga anak sa tahanan bilang batayan sa pagbuo ng gabay sa pantahanang pagbasa pagdating sa dimensiyong pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian.

MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit sa pag-aaral na ito ang disenyong deskriptibo o palarawan gamit ang metodolohiyang R n D na may tatlong bahagi: pagpapalano, pagbuo at pagbalideyt.

Inalam ang mga nakaenrol na mag-aaral sa ikapitong baitang na nahihirapang bumasa batay sa resulta ng Phil-IRI sa limang pampublikong paaralang sekundarya sa taong panuruang 2019-2020 batay sa listahan na ibinigay ng *planning officer* ng *schools division* at *reading coordinator*. Pagkatapos, kinuha ang pangalan ng mga magulang ng mga mag-aaral na ito sa ikapitong baitang sa *LIS coordinator* ng bawat paaralan.

Gumawa ng sarbey, pinasagutan sa mga kalahok at ang resulta ay itinala, sinuri at binigyan ng interpretasyon. Batay sa resulta ng sarbey, ang mga mananaliksik ay bumuo ng gabay sa pantahanang pagbasa upang mapataas ang antas ng kaalaman at antas ng pakikisangkot ng magulang sa pagbasa ng mga anak sa tahanan.

Sa pangangalap ng datos, muli ay humingi ng pahintulot sa *Schools Division of the City of Batac*.

Pagkatapos ay humingi rin ng pahintulot sa mga punongguro ng mga sekundaryang paaralan. Nagbahay-bahay sa mga respondent upang mabigyan ng *survey questionnaire*. Sa pangangalap ng datos ay siniguradong sinunod lahat ang *health protocols* para sa kapakanang pangkalusugan ng lahat.

Ang mga nakalap na datos ay itinala, sinuri at binigyan ng interpretasyon na naging batayan sa pagbuo ng gabay sa pantahanang pagbasa.

Ang nabuong gabay ay ipinaeabalweyt sa mga eksperto batay sa nilalaman at paglalahad, kakayahang magamit at pisikal na ilustrasyon nito.

Ang nabuong gabay ay may tiyak na bahagi: 1) pamagat ng gabay ; 2) paunang salita; 3) layunin ng gabay; 4) pang-unawa sa mga hakbang sa pagbasa; 5) mga dapat gawin upang matulungan ang mga anak sa pagbabasa; 6) mga ilan pang mahalagang tips sa pagbasa; 7) mga pang-araw-araw na gawain upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa; at 8) mga ilan pang mahahalagang paalala upang lalong makatulong sa pagpapalano ng kasanayang pagbasa ng anak.

Ipinabalideyt ang gabay gamit ang *Blended Learning Guide on Whole Brain Teaching Strategies for Parents* ni Castillo [29].

Isinagawa ang rebisyon at pagsasaayos sa mga nilalaman, paglalahad, kakayahang magamit at pisikal na ilustrasyon sang-ayon sa mga naging puna ng mga ebalweytor upang lalong maging mabisa ang nabuong gabay. Pagkatapos na maisagawa ang lahat ng pagrerebisa sa gabay, bumuo na ng pinal na kopya ng gabay.

Lunan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay isinagawa sa Sangay ng mga Paaralan ng Lungsod Batac (*Schools Division of the City of Batac*). Mayr limang pampublikong paaralang sekundarya sa Sangay ng Lungsod Batac - Crispina Marcos Valdez National High School, Batac National High School, City of Batac National High School Rayuray, City of Batac National High School Payao, at City of Batac National High School Poblacion.

Napili ang Lungsod Batac bilang lunan ng pag-aaral sa kadahilanang marami sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang ang hindi gaanong marunong bumasa batay sa mga naisagawang pag-aaral at pagsusulit na isinagawa ng dibisyon at ng nasyonal lebel at batay na rin sa isinagawang pag-aaral ng mga *reading coordinator* ng Phil-Iri sa bawat sekundaryang paaralan ng nasabing lungsod.

Populasyon at Sampol ng Pananaliksik

Ang target na populasyon ng pag-aaral na ito ay mga magulang ng mga mag-aaral na nahihirapang magbasa sa ikapitong baitang sa pampublikong paaralang sekondarya sa Sangay ng mga Paaralan ng Lungsod Batac sa taong panuruan 2019-2020.

Upang matukoy ang bilang ng mga kinatawan sa lahat ng mga magulang ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang, ginamit ang *purposive sampling*.

Mula sa kabuoang 604 na nakaenrol na nasa ikapitong baitang mula sa limang pampublikong paaralang sekondarya sa Sangay ng mga Paaralan ng Lungsod Batac, taong panuruan 2019-2020 ay 84 sa kanila ang nahihirapang magbasa batay sa resulta.

Ang mga Instrumentong Ginamit

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng isang sarbey-tseklist bilang instrumento sa pangangalap ng datos. Ang sarbey-tseklist ay hinango kay *Kimathi [30] Parental Involvement in Primary Standard Three Pupils' Reading at Home*. Layunin ng talatanungan na malaman ang antas ng kaalaman ng magulang sa pagbabasa ng mga anak sa tahanan at antas ng pakikisangkot ng magulang na binubuo ng tatlong bahagi.

Ang unang bahagi ng *survey instrument* ay tungkol sa antas ng kaalaman ng mga magulang sa pagbasa ng mga anak na may 14 na aytem. Upang masukat ang antas ng kanilang kaalaman sa pagbasa ng mga anak, ginamit ang 5-puntos Likert Scale na nakahanay sa “Napakababa ang kaalaman” hanggang “Napakataas ang kaalaman”. Ang ikalawang bahagi ay tungkol sa antas ng pakikisangkot ng mga magulang sa pagbasa ng mga anak pagdating sa dimensiyong pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian na may labinlimang aytem. Sa tseklist na binuo lalagyan ng tsek ang kahon na tutugon sa mga kasagutan ng mga respondent. Upang masukat ang antas ng kanilang pakikisangkot sa pagbabasa ng mga anak, ginamit ang 5-puntos Likert Scale na nakahanay sa “Napakababa ang pakikisangkot” hanggang “Napakataas ang kaalaman”. Ang mga tugon ng mga magulang sa labinlimang aytem ay kinalkula.

Samantala, ang ikalawang bahagi ng *survey questionnaire* na antas ng pakikisangkot ng magulang sa pagbasa ng mga anak sa tahanan, ginamit ang *rating scale*. Binubuo ito ng 15 na aytem. Tinukoy sa sarbey na ito ang antas ng kanilang pakikisangkot sa pagbasa ng mga mag-aaral sa tahanan pagdating sa

dimensiyong pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian.

Bawat dimensiyon ng pakikisangkot (*pagmomodelo, kognitibo, at pangkagawian*) ay may limang aytem. Ang mga naging tugon ng mga magulang ay kinalkula upang matukoy ang iskor nila. Upang makuha ang antas ng pakikisangkot sa bawat dimensiyon, ang mga iskor ay nagrupo sa dalawang kategorya.

Upang matukoy ang kawastuhan ng nilalaman at paglalahad, kakayahang magamit at pisikal na ilustrasyon ng nabuong gabay, tatlong eksperto ang nagsilbing ebalweytor gamit ang *Content Validation Instrument*.

Istatistikal na Paglalapat

Ang mga datos na nakalap mula sa mga respondent na magulang ay sinuri at binigyan ng interpretasyon gamit ang *frequency count, mean, at percentage*.

Ang *mean* ay ginamit upang ilarawan ang mga naging tugon sa *survey questionnaire* ayon sa antas ng kanilang kaalaman sa pagbasa ng anak at antas ng kanilang pakikisangkot sa pagbasa ng mga anak sa tahanan pagdating sa dimensiyong pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian.

Etikal na Konsiderasyon

Bilang paghahanda, bago inumpisahan ang pagkalap ng mga datos, ang mga mananaliksik ay gumawa ng *informed consent* para sa mga respondent. Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng kabuoang impormasyon tungkol sa pananaliksik sa pamamagitan ng pasulat na dokumento at ipinaliwanag ang nilalaman kung kinakailangan sa mga respondent ng sa gayon ay masabihan at makapagdesisyon sila na makilahok sa nasabing pag-aaral.

Ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa mga magulang na respondent. Ang liham kahilingan ay naglalaman ng dokumentong naglalahad ng layunin ng pag-aaral, proseso ng pangangalap ng datos at gamit nito. Binasa ito ng mga respondent at pagkatapos ay ipinaliwanag ito ng mga mananaliksik. Saka lamang isinagawa ang pangangalap ng datos matapos nilang sumang-ayon at pumirma sa dokumento.

Isinagawa ang paghingi ng pahintulot sa oras na bakante ang mga respondent. Sila ay binigyan ng sapat na oras upang sagutin ang *survey questionnaire*.

Tiniyak sa mga respondent na wala silang anumang guguguling pera sa isinagawang pag-aaral. Ang mga mananaliksik ang babalik sa lahat ng mga gastusin. Ang partisipasyon sa pananaliksik na ito ay kusang-loob at walang pinilit. May karapatan ang respondent na hindi makilahok kung ito ay hindi magiging komportable. Ang pagdedesisyon na hindi lumahok ay walang anumang karampatang penalty o parusa.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Inilalahad dito ang resulta ng pagsusuri sa antas ng kaalaman at pakikisangkot ng mga magulang sa pagbabasa ng mga anak sa tahanan, at ang makabuluhang ugnayan ng pakikisangkot ng mga magulang sa dimensiyong pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian.

Antas ng Kaalaman ng mga Magulang sa Pagbasa ng mga Anak sa Tahanan

Isinagawa ang isang sarbey sa pamamagitan ng *survey questionnaire* kaugnay sa antas ng kaalaman ng mga magulang sa pagbasa ng mga anak sa tahanan. Sa *questionnaire* ay nakapaloob ang iba't ibang mahahalagang gawain sa pagbasa ng mga anak.

Sa unang talahanayan, ipinapakita ang *weighted mean* ng antas ng kaalaman ng mga respondent sa pagbasa ng mga anak sa tahanan batay sa resulta ng isinagawang sarbey.

Mula sa mga nakalap na datos mula sa sarbey at sa pakikipanayam sa mga respondent, ipinapakita rito na nahihirapan ang mga magulang dahil sa wala silang masyadong babasahin sa kanilang tahanan. Isa ring humahadlang sa kanila ang kawalan ng sapat na kaalaman upang ipaunawa ang mga nilalaman ng mga babasahin at ang kawalan nila ng oras sa kanilang mga anak dahil sila ay empleyado at kailangang magtrabaho.

Ang resulta ay sinasang-ayunan ng pag-aaral ni Villas-Boas [31] na ang mga Pilipinong magulang ay karaniwang mababa ang kaalaman pagdating sa pagpapabasa sa mga anak lalo na ang mga walang pinag-aralan. Gayundin sa pag-aaral na isinagawa sa England nina Williams at Ullman [32]. Sa kanilang pananaliksik, nakita na karamihan sa mga magulang ay may mababang antas ng kaalaman lalo na sa mga pampublikong paaralan pagdating sa pagpapabasa sa mga anak sa tahanan. Magkapareho rin sa lumabas sa pag-aaral na isinagawa ni Maina [33] na nakita sa mga magulang na mababa ang kanilang kaalaman sa

pagpapabasa sa mga anak ng iba't ibang babasahin na nasa tahanan dahil naniniwala silang obligasyon ito ng mga paaralan.

Sa kabilang dako, isa ring pananaliksik ang kahalintulad ng resulta na isinagawa sa Scotland. Sa pananaliksik na ito, karamihan sa mga magulang ay naniniwalang hindi nila responsibilidad na turuan ang mga anak na bumasa kundi gawain ito ng mga guro. Ito ang isa sa dahilan kung bakit mababa ang antas ng kanilang kaalaman sa pagpapabasa sa mga anak sa tahanan.

Talahanayan 1. Antas ng Kaalaman ng mga Magulang sa Pagbasa ng mga Anak sa Tahanan

Indikeytor	Mean	
	Rating	Deskripsiyon
Pagpapabasa at pagpapaunawa sa religious books	1.02	Napakababa ang kaalaman
Pagpapaunawa sa mga ipinapabasang booklets	1.01	Napakababa ang kaalaman
Pagsusuri sa mga ipinapabasang newspaper	1.02	Napakababa ng kaalaman
Ipinapaintindi ang mga ipinapabasang magazines	1.03	Napakababa ng kaalaman
Nagpapasuri ng story books sa mga anak	1.09	Napakababa ng kaalaman
Sinasabihan ang anak na magbasa habang nakikinig ka	3.71	Mataas ang kaalaman
Nakapagbibigay ng reaksiyon tungkol sa binasa	1.02	Napakababa ng kaalaman
Ipinapaliwanag ang kahulugan ng salitang mahirap unawain	1.10	Napakababa ng kaalaman
Iwinawasto ang mga aralin	1.05	Napakababa ng kaalaman
Nagpapaalala sa anak upang bumasa at gawin ang takdang-aralin	1.15	Napakababa ng kaalaman
Sinasamahan ang anak sa bookstore upang bumili ng babasahin	1.01	Napakababa ng kaalaman
Nagrererekomenda ng mga angkop na babasahin	1.02	Napakababa ng kaalaman
Nagbibigay ng gantimpala	1.13	Napakababa ng kaalaman
Bumibili o humihiram ng iba pang aklat na babasahin para sa anak maliban sa ibinigay ng paaralan	1.01	Napakababa ng kaalaman
Weighted Mean	1.24	Napakababa ng kaalaman

Leyenda:

Range Interval	Pagpapakahulugan/Interpretasyon
4.41 – 5.00.	Napakataas ng kaalaman
3.51 – 4.00	Mataas ang kaalaman
2.51 – 3.50	Katamtaman ang kaalaman
1.51 – 2.50	Mababa ang kaalaman
0.01 – 1.50	Napakababa ng kaalaman

Ang resulta ng pag-aaral ay ipinapaunawa na karamihan sa magulang ay nararapat alamin ang responsibilidad nila bilang magulang, lalong-lalo na

sa pagpapabasa sa mga anak. Ngunit ang nagiging problema ay ang kakulangan ng sapat na kaalaman at panahon kung paano tutulungan ang kanilang mga anak na kung saan ito ay may malaking gampanin sa pagpapaunlad ng kasanayan ng pagbabasa ng mga anak na kagaya ng mga sinabi ng mga magulang na kalahok.

“Bilang isang magulang, naniniwala ako na malaki ang obligasyon naming mag-asawa upang maturuan ang aming mga anak, ngunit ang problema ay hindi namin kaya ang responsibilidad na ito dahil hindi kami nakapagtapos. Kaya malaki ang pasasalamat namin sa mga guro dahil sila ang makatutulong sa amin upang magkaroon ng kinabukasan ang aming mga anak..” - Kalahok 10

“Gustuhin ko man na bumili ng mga aklat at iba pang mga babasahin para sa anak ko, wala kaming sapat na pera dahil ang suweldo ng aking asawa ay saktong lamang para sa pagkain namin.” – Kalahok 65

Kahit ang pag-unlad ng kasanayan ng mga bata ay nagaganap habang siya ay lumalaki, mananatiling ang magulang ay modelo sa pagkatuto ng mga anak. Ang magandang pananaw nila tungkol sa pagbasa sa pangkalahatan ay nagbibigay inspirasyon sa kanilang mga anak at upang maipakita sa kanila ang maayos na pagsubaybay sa kanilang pag-aaral. Ang ilan sa mga gawain upang maisakatuparan ito ay pagsama sa kanila habang bumabasa, pagsama sa mga silid-aklatan o *bookstore*.

Habang ang anak ay lumalaki, ang mga magulang ang unang nagiging guro nila. Ngunit dahil hindi sapat ang suporta ng mga magulang at mababa ang kaalaman at kasanayan nila [34], nararapat na magsagawa ng pag-aaral ukol dito kung paano matutulungan ang mga magulang na maging matagumpay sa buhay ang mga anak.

Antas ng Pakikisangkot ng mga Magulang sa Pagbasa ng mga Anak sa Tahanan

Dimensiyong Pagmomodelo

Makikita sa Talahanayan 2 na nakakuha ng *weighted mean* na 1.62 ang antas ng pakikisangkot ng mga magulang sa dimensiyong pagmomodelo.

Talahanayan 2. Antas ng Pakikisangkot ng mga Magulang sa Pagbasa ng mga Anak sa Tahanan sa Dimensiyong Pagmomodelo

Indikeytor	Mean Rating	Deskripsiyon
Religious books	1.05	Napakababa ng pakikisangkot
Booklets	1.11	Napakababa ng pakikisangkot
Newspapers	1.21	Napakababa ng pakikisangkot
Magazines	1.30	Napakababa ng pakikisangkot
Story books	3.45	Mataas ang pakikisangkot
Weighted Mean	1.62	Mababa ang pakikisangkot

Leyenda:

Range Interval	Pagpapakahulugan/Interpretasyon
4.41 – 5.00.	Napakataas ng pakikisangkot
3.51 – 4.00	Mataas ang pakikisangkot
2.51 – 3.50	Katamtaman ang pakikisangkot
1.51 – 2.50	Mababa ang pakikisangkot
0.01 – 1.50	Napakababa ng pakikisangkot

Ayon kay Holdaway [35], ang palagiang pagbabasa ng mga magulang ay isang magandang modelo sa mga anak na kailangang maisagawa. Ayon dito, ito ay epektibong pangganyak sa mga anak na bumasa, at kung ang mga magulang ay naisasagawa ito, mapahuhusay ang kasanayang pagbasa ng anak.

Kahalintulad din sa resulta ng pag-aaral ni Baeck, [36] na 34% lamang na mga magulang ng mga batang nasa edad sampu pataas ang nagpapabasa ng *story books* nang palagian. Iniulat niya na ang bahagdan ng *Asian Parents* na nakikisangkot sa pagbabasa ng mga anak ay 66% lamang.

Binigyang-diin naman nina Lee at Brown [37], na ang mga magulang na mababa ang pakikisangkot sa pagbasa ng mga anak kagaya ng mga *magazine, newsletters, pamphlets at religious books* ay dahil mababa ang tiwala sa sarili. Gayundin ang sinasabi ng PIDS [38] na ang mga anak ay walang masyadong suporta sa magulang dahil marami sa kanila ang walang kasanayan upang suportahan ang edukasyon ng kanilang anak.

“Ang karamihang mababasa sa aming tahanan ay magazine na mula sa aming simbahan. Karamihan dito ay nakasulat sa Tagalog kaya minsan natutulungan ko ang anak ko kung mayroon man siyang hindi maunawaan.” Kalahok 73

“Dahil sa dami ng aking trabaho, wala akong masyadong oras upang turuan ang aking anak. Kapag sinasabi niyang magbasa kami ng aklat, sinasabi ko na sa susunod na pagkakataon na lang dahil kailangan kong magtrabaho.” Kalahok 30

Binigyang-diin ni Smith [39] na mababa ang antas ng pakikisangkot ng mga magulang sa pagbabasa ng

mga anak dahil sa kawalan ng oras dahil sa trabaho. Gayundin ang binanggit ni Share [40] na ang mga empleyadong magulang ay mas kakaunti ang oras na nailalaan sa pagbasa ng mga anak.

Sa mga resulta at salaysay ng mga magulang, kinakailangang matukoy kung paano matutulungan ang mga magulang na makabahagi sa ikapagtatagumpay at ikauunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga anak. Ang kanilang pakikisangkot sa dimensiyong pagmomodelo ay lubhang kailangan lalo na sa mga nasa ikapitong baitang na mag-aaral dahil pasimula pa lamang sila sa antas sekundarya. Ang pagmomodelo ay nakaiimpluwensiya kung ang mga anak ay nakikita ang modelo (mga magulang) na ipinapakita ang kakayahan sa pagbasa kasama ang anak. Ito ay nagdudulot ng makabuluhang pagkatuto at gumaganyak sa mga anak na bumasa [41]. Kaya kung ang magulang ay may sapat na pakikisangkot, ang mga anak ay mas nahihikayat na bumasa.

Dimensiyong Kognitibo

Ang Talahanayan 3 ay ipinapakita na nakakuha ng *weighted mean* na 1.65 ang antas ng pakikisangkot ng mga magulang sa dimensiyong kognitibo ay mababa.

Talahanayan 3. Antas ng Pakikisangkot ng mga Magulang sa Pagbasa ng mga Anak sa Tahanan sa Dimensiyong Kognitibo

Indikeytor	Mean Rating	Deskripsiyon
Nagbabasa kasama ang anak	1.15	Napakababa ng pakikisangkot
Sabihan ang anak na magbasa habang nakikinig ka	3.65	Napakababa ng pakikisangkot
Tinatanong ang anak tungkol sa kaniyang binabasa upang malaman kung naunawaan niya ang salita o pariralang binabasa	1.11	Napakababa ng pakikisangkot
Ipinapaliwanag sa anak ang kahulugan ng mga salitang mahirap unawain	1.23	Napakababa ng pakikisangkot
Iwinawasto ang mga aralin ng anak upang masigurado na naisagawa niya itong lahat.	1.13	Napakababa ng pakikisangkot
Weighted Mean	1.65	Mababa ang pakikisangkot

Ipinapakita ng resulta na ito na karamihan sa mga anak ay hindi sinusuportahan sa pagbasa sa tahanan. Ito ay sa kadahilanang ang mga magulang ay nahihirapan na makisangkot sa mga gawaing nauukol sa pagbasa ng mga anak kagaya ng pagbasa kasama ang anak, pakikinig sa anak habang bumabasa, pagtatanong ukol sa kanilang binabasa upang malaman kung naunawaan nila ito, pagpapaliwanag sa mga salitang malalalim ang kahulugan at pagwawasto sa kanilang mga aralin.

Ito ay tumutugma sa natuklasan sa pag-aaral na isinagawa sa *United Kingdom* kung saan nakita na mababa ang antas ng pakikisangkot ng mga magulang sa edukasyon ng mga anak. Sa isang pag-aaral na kalahok ang 26 na pamilya sa Britain, natuklasan nina Welsh at Flouri, [42] na ang pakikisangkot ng mga magulang sa pagbasa at pagsuporta sa mga takdang aralin ay ang pinakamababang *rate* sa lahat ng aspekto ng pakikisangkot ng magulang. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita na mula sa mga aspekto ng pakikisangkot ng magulang, ang may pinakamababang iskor ay ang pagbasa at ang pagsubaybay sa mga takdang-aralin. Inilarawan din sa pag-aaral na ito na ilan sa mga pamilya ay walang sapat na kakayahan upang tulungan ang mga anak sa takdang-aralin.

Walang pag-aalindangan na ang pagbasa ng magulang at anak sa tahanan ay susi sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga anak. Natuklasan nina Sui-chu at Wilms [43] na ang pinakamahalagang salik sa pag-unlad ng mga mag-aaral ay ang talakayan sa tahanan, ang komunikasyon sa paaralan at paggabay sa mga takdang-aralin. Sa pag-aaral ay natuklasan ding ang mga anak na may problema sa pagkatuto at ugali ay mas kaunti ang talakayan sa tahanan at hindi masyadong nasusubaybayan kumpara sa mga anak na walang problema sa pagkatuto. Sa dimensiyong kognitibo, ang mga magulang ay nagpapamalas ng makabuluhang pangkaisipang kasanayan upang matulungan ang mga anak.

Maliban sa kawalan ng kakayahan na tulungan ang anak, isinalaysay din ng mga kalahok na magulang noong sila ay nakapanayam na ang kawalan din ng oras, pagsasanay at tiwala sa sarili ay mga nakahahadlang din upang hindi maisagawa ang mga gawain sa pagbabasa ukol sa dimensiyong kognitibo.

“Wala naman akong pagsasanay kaya hindi ko alam kung paano turuan ang anak ko. At minsan marami kasing trabaho.”-Kalahok 29

“Sinasabi ko na lang na tingnan sa diksiyunaryo ang mga salitang may malalim na kahulugan dahil pati ako nahihirapan akong unawain dahil malalalim talaga ang mga salita.”-Kalahok 4

Nangangahulugan na dapat ang mga magulang ay ginagabayan din ng mga guro at iba pang eksperto upang mahikayat ang mga anak na magbasa. Mahalaga rin na may sapat silang kakayahan sa pagpapabasa sa tahanan upang ang anak ay lalong magabayan sa kanilang binabasa.

Panghuli, narapat ding matutuhan ng mga magulang na pamahalaan ang kanilang oras upang matulungan pa rin nila ang kanilang mga anak sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa kahit abala sila sa kanilang mga trabaho.

Dimensiyong Pangkagawian

Kagaya ng ipinapakita sa Talahanayan 4, makikita na karamihan sa mga magulang ay naitala ang mababang antas ng pakikisangkot sa dimensiyong pangkagawian batay sa iskor na 1.22 na *weighted mean* nito.

Talahanayan 4. Antas ng Pakikisangkot ng mga Magulang sa Pagbasa ng mga Anak sa Tahanan sa Dimensiyong Pangkagawian

Indikeytor	Mean Rating	Deskripsiyon
Nagpapaala sa anak upang bumasa o kumplethuhin ang mga takdang gawain sa isang nakalaang lugar upang magbasa	1.09	Napakababa ng pakikisangkot
Sinasamahan ang anak sa mga <i>bookstore</i> upang bumili ng mga materyal na babasahin	1.10	Napakababa ng pakikisangkot
Nag-re-request sa guro ng anak na magre-komenda ng angkop na mga babasahin na maaring mabili o mahiram	1.02	Napakababa ng pakikisangkot
Nagbibigay ng gan-timpala kapalit ng pagsusumikap ng anak upang magbasa	1.30	Napakababa ng pakikisangkot
Humihiram ng iba pang aklat	1.09	Napakababa ng pakikisangkot
Weighted Mean	1.22	Mababa ang pakikisangkot

Ipinapakita nito na karamihan sa mga magulang ay nahihirapang hikayatin ang mga anak na bumasa. Kaya iminumungkahi na isangkot sila sa iba’t ibang babasahin dahil ang mga magulang ay hindi masyadong gumagamit ng pangganyak upang sanayin ang mga anak na bumasa.

Ang mga datos ay tumutugma sa isinagawang pag-aaral ni Ramsburg [44] na natuklasang ang mga anak na lumaki na may kakaunting babasahin ay nakararanas ng hirap sa pagkatutong bumasa kumpara sa mga anak na namulat na maraming babasahin.

Ang mababang antas ng dimensiyong pangkagawian ay naipakita sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok:

“Marami kaming nakatira dito sa aming tahanan at masikip lang itong tahanan namin gusto ko sana ring lagyan ng corner na maaari siyang magbasa”- Kalahok 18

“Wala na rin akong oras na bumili ng libro kasi maghapon ako sa bukid. At pambili na lang namin ng pagkain.”- Kalahok 60

Katunayan, ang tahananang marami ang babasahin ay nakaiimpluwesiya sa pag-unlad ng pagbabasa ng mga anak. Natuklasan nina Madueke at Adeosun [45] na ang maraming babasahin sa tahanan ay nakatutulong sa pag-unlad ng kasanayan ng pagbabasa ng anak. Binigyang-diin nila na ang epektibong pantahanang pagkatuto ay kabilang ang mataas na pakikisangkot ng mga magulang sa paggabay, panghikayat at pagsuporta sa mga anak.

Gabay ng mga Magulang sa Pantahanang Pagbasa ng mga Anak

Upang matulungan ang mga magulang na magabayan ang mga anak sa pagbabasa, isang gabay ang binuo para sa mga magulang na may anak na nahihirapang bumasa. Ito ay tinawag na Gabay ng mga Magulang sa Pantahanang Pagbasa. Ang binuong gabay na ito ay batay sa kinalabasan ng pag-aaral at sa pakikipanayam na ginawa sa mga magulang.

Nakatulong nang malaki ang mga sumusunod na konsepto/gabay sa pagpapalano at paghahanda sa gabay: 1) mga dimensiyon sa pagbasa gaya ng pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian; 2) kaalaman at pakikisangkot ng mga magulang sa gawaing pagbasa ng mga anak; 3) mahalagang tips sa pagbasa at, 4) resulta ng isinagawang pagtataya sa Phil-Iri.

Ang gabay na binuo ay kinapapalooban ng iba't ibang bahagi: disenyong pabalat ng gabay, paunang salita, layunin ng gabay, pag-unawa sa hakbang sa pagbasa, mga yugto ng pagbasa, mga dapat gawin para matulungan ang anak sa pagbabasa, mga pang-araw-araw na gawain upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at mahalagang tips at paalala sa pagbasa.

Sa pabalat na pahina, inilalarawan nito na ang buong pamilya ay kasama sa paghubog ng mga kaalaman ng anak lalo na sa kasanayang pagbasa.

Ang paunang salita ay naglalahad ng tungkol sa gabay.

Ang layunin ng gabay ay naglalarawan sa pangkalahatan at tiyak na layunin ng gabay.

Ang pag-unawa sa hakbang sa pagbasa ay bahaging magbibigay ng kaalaman sa mga magulang sa mga nararapat na sunding hakbang sa pagbasa.

Makikita sa mga yugto ng pagbasa ang mga kailangang isagawa o gawin habang nagbabasa kasama ang anak.

Ang mga dapat gawin para matulungan ang mga anak sa pagbasa ay ang bahaging magbibigay ng tips sa pagpapabasa sa anak batay sa mga dimensiyon sa pagbasa (pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian).

Ang mga pang-araw-araw na gawain upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ay ang bahaging matututuhan ng mga magulang na gawain upang lalo pang mapadali ang pagtuturo ng pagbasa sa mga anak.

Ang mga ilan pang mahalagang paalala at tips sa pagbasa ay paglalahad ng mga karagdagang paalala upang lalo pang matulungan ang mga magulang sa pagtuturo ng kasanayang pagbasa sa mga anak.

Ang mga gawaing ito ay lubos na makatutulong sa mga magulang na may anak na nahihirapang bumasa hanggang ganap niya itong matutuhan.

Tatlong (3) eksperto ang nagsilbing ebalweytor ng binuong gabay gamit ang tseklist. Batay sa pagsusuri, puna at markang ibinigay ng mga eksperto hinggil sa baliditi ng mga nilalaman at paglalahad, kakayahang magamit at pisikal na ilustrasyon, lumabas sa pag-aaral na napakataas ang baliditi nito at angkop gamitin ang gabay sa pantahanang pagbasa ng mga anak sa tahanan.

Kabuoang Resulta ng Ebalwasyon

Sa tatlong salik o kraytirya na ginamit sa ebalwayson, pare-pareho itong nakakuha ng napakataas na baliditi - nilalaman at paglalahad na nakakuha ng *weighted mean* na 4.67, kakayahang magamit na 4.67 at ang pisikal na ilustrasyon na nakakuha din ng *weighted mean* na 4.78. Inilalahad na ang nabuong gabay ay angkop sa pangangailangan ng mga magulang para sa pantahanang pagbasa. Sinang-ayunan ito ni Escarez [46] na ang gabay ay isang mabisang paraan upang mas

lalong maging makabuluhan ang pagkatuto at pinatutunayan nito na hindi lamang sa silid-aklatan maaaring mangyari ito kundi pati na rin sa mga tahanan.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Mula sa naging resulta ng pagsusuri, napakababa ang antas ng kaalaman at pakikisangkot ng mga magulang sa pagbabasa ng mga anak na nagreresulta ng mababang kakayahan ng mga mag-aaral na magbasa. Bunga nito, ang kawalan ng panahon, kakulangan ng kakayahan at kaalaman ng mga magulang sa pangangailangan ng mga anak sa pagbabasa ay may malaking epekto sa pangkaisipang pag-unlad ng kanilang mga anak, na batay sa ginamit na teorya sa pag-aaral na ito na *Grolnick's Theory of Parental Involvement*, Teoryang Sosyo-Kultural, at *Bronfenbrenner's Ecological Systems Theory*, mahalaga ang pakikisangkot ng mga magulang upang mapaunlad ang kakayahang bumasa ng mga anak sa antas ng pagmomodelo, kognitibo at pangkagawian. Ang interaksyon ng mga anak at magulang ay lumilina sa mental na kakayahan ng mga bata gayundin ang kanilang kakayahang makipag-ugnayan sa iba.

Kaya naman, ang binuong gabay ay makatutulong sa mga magulang para matulungan ang mga anak sa pagbasa sapagkat nakapaloob na rito ang mahalagang detalye at tips na magagamit ng mga magulang upang maturuan ang mga anak sa pagbasa.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, iminumungkahing gamitin ang nabuong gabay ng mga magulang sa pantahanang pagbasa ng mga anak sa mga nahihirapang bumasa.

Ipagamit ang gabay sa mga magulang na may anak na nahihirapang bumasa na hindi lamang sa mga paaralang sekundarya kundi maging sa elementarya upang matiyak ang baliditi nito at mapatotohanan ang resulta. Ang magiging resulta ay magsisilbing batayan sa pagrebisa at pagpapabuti sa binuong gabay.

Iminumungkahi rin na ang mga gurong bihasa sa kasanayang pagbasa ay bumuo rin ng kagamitang panturo na nauukol sa kasanayang pagbasa upang masolusyunan ang suliraning kinakaharap ngayon ng Kagawaran ng Edukasyon sa kasanayang pagbasa.

Iminumungkahi na ang nabuong gabay ay magamit upang maiparating sa mga administrador ng mga paaralan na isang pangangailangan ang pagtataguyod ng *online-virtual seminar* tungkol sa paghahanda ng mga kagamitang panturo upang maturuan ang kanilang mga guro sa tamang paraan ng pagbuo ng gabay. Hindi lamang hanggang sa seminar kundi ipalimbag ang mga ito sa *Learning Resource Materials Development System (LRMDS) Portal* ng bawat sangay upang maging opisyal o batayang kagamitan na magagamit nang malawakan.

Iminumungkahi rin na magkaroon ito ng Iloko bersiyon upang makaagapay ang mga magulang na hindi masyadong nakababasa ng wikang Filipino.

Iminumungkahi rin na magsagawa ang mga paaralan ng *online-virtual orientation* sa mga magulang na may mga anak na nahihirapang bumasa upang mabigyan sila ng mahahalagang impormasyon tungkol sa pagtulong sa kanilang mga anak sa kasanayang pagbasa.

Iminumungkahi na ang mga magulang ay tumingin ng iba pang mga babasahin upang mabigyan pa rin nila ng mga angkop na babasahin ang mga anak sa kabila ng problemang pinansiyal.

Ngayong panahon ng pandemya dulot ng COVID-19, iminumungkahi na gamitin ito ng mga magulang sa pagpapabasa nila sa kanilang mga anak habang sila ay nasa kani-kanilang tahanan.

Sa huli, maaari ring makatulong ang resulta ng pag-aaral na ito sa mga iba pang mananaliksik lalo na kung ito ay may kaugnayan sa pagbuo ng gabay sa kasanayang pagbasa.

SANGGUNIAN

- [1] Dauber, S. L., & Epstein, J. L. (2011). Elementary & middle schools: Schools Programs and teacher practices in parental involvement, *The Elementary School Journal*, Volume 91, pp. 289-306
- [2] Domina, T. (2015). Levelling the home advantage: Assessing the effectiveness of parental involvement in elementary school, *Sociology of Education*, Volume 78, pp. 233-249
- [3] McNeal, R. B., Jr. (2011). Parental involvement as social capital: Differential effectiveness on science achievement, truancy, and dropping out, *Social Forces*, Volume 78, pp. 117-144
- [4] Flouri, E., & Buchanan, A. (2014). Early fathers and mother's involvement and children's later educational outcomes, *British Journal of Educational Psychology*, Volume 74, pp. 141-153
- [5] Cornille, T. A., Mullis, A. K., Mullis, R. L., Ritchson, A. D., & Sullender, N. L. (2014). Parental involvement and Early literacy outcomes. Tallahassee, FL: Florida State University, pp. 107-110
- [6] Maduekwe, A. N., & Adeosun, A. O. (2010). Parents and their children's literacy development: Improvement strategies. Nigeria: University of Lagos, pp. 128-131
- [7] Epstein, J., and Sheldon, S. Improving student attendance: effects of family and community involvement. Paper presented to the Annual Meeting of the American Sociological Society. 2016, Washington
- [8] Centeno (1999). Reading Strategies and Better Communication. <http://pewrsr.ch/2GRbL5N>,
- [9] Moats (2011). Research Based Practices in early Reading, www.prel.org/products/re/prodevelopment.pdf,
- [10] Snow, C. E., Burns, M. S., & Griffin, P. (2014). Preventing Reading Difficulties in Young Children. Washington, DC: National Academy Press, pp. 97-99
- [11] Imam, O. (2016). Effects of Reading Skills on Students' Performance in Science and Mathematics in Public and Private Secondary School. www.researchgate.net, date retrieved: December 15, 2020.
- [12] Finney, P. (2013). The Parent Teacher Association Newsweek National Education Survey. *Newsweek*, Volume 15, pp. 13-14
- [13] Alampay, L.P. et.al (2014). Parenting Across Culture in the Philippines. In. (Eds.) Childrearing, Motherhood and fatherhood in Non-Western Cultures, Volume 11 (2-3), pp.163-176.
- [14] Smith, M. (2016). Education Involvement: Parent Parental Involvement. <http://www.education-space360.com/index.php/education-involvementparent-parental-involvement-20273>, date retrieved: January 16, 2021.
- [15] Malipot, M. (2020). Role of parents in the 'new normal' in education crucial –DepEd. Manila Bulletin. <https://news.mb.com.ph/2020/04/30/role-of-parents-in-the-new-normal-in-education-crucial-deped/>, date retrieved: November 7, 2020.
- [16] Bandura, A. (2016). Thought and action and its Social foundation: A social cognitive Englewood Cliffs, NJ: Prentice Hall, pp. 179-181
- [17] Stuart, M., Dixon, M., Masterson, J., & Quinlan, P. (2018). Learning to read at home and at school. *British Journal of Educational Psychology*, 68, 3-14.
- [18] Kaiser, A. P., Hancock, T.B., & Hester, P.P. (2013). Parents as cointerventionists: Research on application of naturalistic language teaching procedures. *Infants and Young Children*, Volume 10 (4), pp. 46-55.
- [19] Kimathi, H.K. (2014). Parental Involvement in Primary Standard Three reading at Home in Igembe South Constituency, Meru County, Kenya. <https://pdfs.semanticscholar.org>. date retrieved: October 10, 2020.
- [20] Holdaway, D. (2010). The foundations of literacy. Sydney: Ashton Scholastic, pp. 97-99
- [21] Bandura, A. (2016). Thought and action and its Social foundation: A social cognitive Englewood Cliffs, NJ: Prentice Hall, pp.137-139
- [22] Maduekwe, A. N., & Adeosun, A. O. (2010). Parents and their children's literacy development: Improvement strategies. Nigeria: University of Lagos, pp. 131-133
- [23] Nagel (2012). Sociocultural Theory of Learning in the Classroom. , date retrieved: January 8, 2020

- [24] Nagel (2012). Sociocultural Theory of Learning in the Classroom. www.helpfulprofessor.com/sociocultural-theory-education/, date retrieved: January 8, 2020
- [25] Bates (2019). Sociocultural Theories of Learning inside the Classroom. www.helpfulprofessor.com/sociocultural-theory-education/ date retrieved: February 19, 2021
- [26] Wood, C. (1995). Scaffolding Theory in teaching. Relationship to the ability of learners and level of parent's knowledge and involvement. pp 121-139
- [27] Young People (2017). Bronfenbrenner Ecological Systems Theory, ukessays.com/essaya/young-people/impact-that-the-microsystems-have-children-and-young-people-essay.php, date retrieved: February 25, 2020
- [28] Castillo. L. (2020). Blended Learning Guide on Whole Brain Teaching Strategies for Parents. Dissertation. Divine Word College of Laoag. Laoag City, pp. 35-38
- [29] Castillo. L. (2020). Blended Learning Guide on Whole Brain Teaching Strategies for Parents. Dissertation. Divine Word College of Laoag. Laoag City, pp. 132-134
- [30] Kimathi, H.K. (2014). Parental Involvement in Primary Standard Three reading at Home in Igembe South Constituency, Meru County, Kenya. <https://pdfs.semanticscholar.org>.
- [31] Villas-Boas, A. (2011). The effects of parent involvement in homework on students achievement in Portugal and Luxembourg: *Childhood Journal*, 741, pp. 137-139
- [32] Williams, B., Williams, J. & Ullman, A. (2012). Parental involvement in education. Research Report 332. Norwich, UK: Queens printer, pp. 58-60
- [33] Maina, A. W. (2010). Factors relating to fathers' direct and indirect involvement in early childhood literacy in Thika Municipality, Kenya. Unpublished M.Ed. Thesis. Nairobi: Kenyatta University, pp. 132-136
- [34] Philippine Institute for Development Studies (PIDS; 2012). Education for all: Addressing problems in primary schooling, *Development Research News*, 30(6), 1-8.
- [35] Holdaway, D. (2010). The foundations of literacy. Sydney: Ashton Scholastic, pp. 59-62
- [36] Baeck, U. D. K. (2010). Involvement and practices of Parent in formalized home-school cooperation. *Scandinavian Journal of Educational Research*, Volume 54 (6), <https://doi.org/10.1080/003117831.2010.567845>
- [37] Lee, J.-S., & Bowen, N. K. (2016). Parental involvement, achievement gap and the cultural capital, among elementary school children. *American Educational Research Journal*, Volume 43. <https://doi.org/10.3102/00028312043002193>, date retrieved: November 10, 2020.
- [38] Philippine Institute for Development Studies (PIDS; 2012). Education for all: Addressing problems in primary schooling, *Development Research News*, Volume 30 (6), pp. 1-8.
- [39] Smith, M. (2016). Education involvement: Parent parental involvement. date retrieved on January 16, 2021, <http://www.educationspace360.com/index.php/education-involvementparent-parental-involvement-20273>, date retrieved: January 17, 2021
- [40] Share, M., & Kerrins, L. (2013). Supporting parental involvement in children's early learning: lessons from community childcare centres in Dublin's Docklands, pp. 98-100
- [41] Bandura, A. (2016). Thought and action and its Social foundation: A social cognitive Englewood Cliffs, NJ: Prentice Hall, pp. 197-200
- [42] Welsh, E., Buchanan, A., Flouri, E. (2012). Parenting in Practice: Involved Fathering and Child Well-being: Fathers' Involvement with Secondary School Age Children. London: National Children's Bureau, pp. 88-90
- [43] Sui-chu, E. H., & Willms, J. D. (2015). Effects of parent involvement on eighth-grade achievement. *Sociology of education*, Volume 69, pp. 126-270.
- [44] Ramsburg, D. (2018). Understanding parent involvement from a parent's perspective. <http://npin.org/pnews/1998/pnew298/pnew298i.html>, date retrieved: January 2, 2021
- [45] Maduekwe, A. N., & Adeosun, A. O. (2010). Parents and their children's literacy development: Improvement strategies. Nigeria: University of Lagos, pp. 145-147
- [46] Escarez, K. L., (2015). Improving the Reading Ability among Elementary and Secondary Level, pp. 76-78

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).